

1

“Ano? Hindi ka makakapasok ngayon?” galit na bulalas ni Ryan Silverio, ang big boss ng *R&R Construction* na isang architectural firm at co-owner ang kapatid niyang si Russel. Ito ang kausap niya ngayon sa telepono.

“Pasensya ka na, Kuya. Si Anne kasi, masama na naman ang pakiramdam. Hindi ko siya maiwan dahil wala ang katulong namin at nagpunta ng probinsya nila. At isa pa, mag-aalala lang ako kapag pumasok at maiwan si Anne mag-isa,” paliwanag ni Russel. “Tatapusin ko na lang ang estimates para sa *Ledesma Realty* bukas na bukas ng umaga para sa presentation mo sa makalawa,” patuloy pa nito.

“Sige, pero sikapin mong makapasok bukas, dahil sayang ang *Ledesma Realty*. Baka masungkit pa ng iba kapag hindi natin nai-present ang project estimates kahit ayos na sa kanila ang design ng gagawing subdivision,” nakakaunawang sagot niya.

Napabuntong-hininga na lamang si Ryan matapos ang pag-uusap nila ng kapatid. Ipinagpatuloy na niya ang sinimulang design para sa ibang project naman ng *R&R Construction*.

Ang *R&R Construction* ay kabilang na sa well-established contractors sa bansa at kilala ang de-kalidad na trabaho ni Engr. Ryan Silverio sa field ng construction. Hindi maikakaila na

isa siya sa popular sought-after bachelors ng alta-sociedad na kinabibilangan ng magkapatid na Silverio.

At the age of thirty-two, nakapagtayo na si Ryan ng sariling construction firm, may sariling mansion sa Alabang at financially stable na ang buhay. Kulang na lang ay asawa na paglalaanan niya ng mga naipundar.

Nang makapagtapos ang bunso nilang si Russel sa kursong Engineering ay kinuha niya ito upang magtrabaho sa kanyang kompanya at pinahawakan niya ang project estimates. Naging site inspector ang kanyang kapatid. Mahusay naman si Russel at dedicated sa trabaho. Iyon nga lang nang mag-asawa ito ay naka-focus ang atensyon kay Anne, dahil na rin sa maselang pagbubuntis nito.

Nagsisimula na silang makilala sa paggawa ng design at de-kalidad na buildings at subdivisions bunga na rin ng pagtutulungan nilang magkapatid. Dahil dito, magkasama sila sa mas maraming projects at may natatanggap din silang mga imbitasyon na siyang pinupuntahan ni Ryan para maipakita ang husay ng kompanya.

Nasa kalagitnaan na ng pagde-design ang binata nang mag-ring ang kanyang cellphone. Bandang alas-cuatro ng hapon nang mga sandaling iyon at si Russel ang tumatawag.

“Hello! Kuya, ’andito ako sa *Makati Med*. Dinugo si Anne, delikado ang baby namin,” imporma ng kapatid na halata na sa

bores ang tensyon at nerbyos para sa pamilya nito.

“Papunta na ako diyan.” Nagmadali siyang nagligpit ng mga gamit para sundan ang kapatid at suportahan sa malaking problemang kinakaharap nito.

Diyos ko! Sana’y makaligtas ang hipag ko at pamangkin, naisaloob ni Ryan habang pahangos na lumabas ng private office niya.

Muntikan pa niyang mabangga si Sofia, ang kanyang sekretarya. Nagmamadali ito na para bang may hinahabol.

“Ryan, natawagan ka rin ba ni Russel? Magpapaalam sana ako sa iyo, pupuntahan ko siya sa *Makati Med*,” anito. Hindi magkandatuto ang babae at tarantang-taranta para sa kaibigan at pamilya nito.

“Papunta na ako sa kanya ngayon, sumabay ka na sa akin,” sabi niyang nauna na sa parking lot at kinuha ang kotse. Inabot pa sila ng traffic kung kaya galit na galit na siya dahil sa tensyon at nerbyos.

Sa wakas ay nakarating din sila sa *Makati Medical Center*. Pahangos na sabay silang pumunta sa room ni Anne Silverio para kumustahin ang lagay nito. Nakita naman sila ni Russel na bagamat hinang-hina ay very thankful naman dahil ligtas na sa kapahamakan ang mag-ina nito. Kailangan nga lamang ng complete bed rest para sa buong panahon ng pagbubuntis ni Anne na ngayon ay nasa ikatlong buwan sa panganay nila ni Russel.

“Kuya, hindi muna ako papasok sa *R&R Construction* para maalagaan ko ang mag-ina ko,” sabi nito sa kapatid.

Tinapik ni Ryan sa balikat si Russel bago nagpaalam na babalik na siya sa opisina kasama si Sofia. Tumawag siya sa bahay at pinapunta sa ospital ang isang kasambahay para matulungan ang kapatid sa paghahanda ng mga kakailanganin.

Napabuntong-hininga na lamang ang binata dahil sa pagkaalala sa Ledesma project. Napapatingin na lamang sa kanya si Sofia na nakikinig ng music mula sa stereo ng kotse.

Pagdating ng opisina, nagtungo siya sa human resources department at hiningi ang 201 files ng dalaga. Pinag-aralan niya iyon bago tinawagan ang kapatid tungkol sa kanyang plano.

Kinabukasan, ipinatawag niya si Sofia sa kanyang opisina. Agad namang nakarinig ng warning knock ang binata at pinapasok ang sekretarya.

Nakasuot ng slacks na itim ang dalaga na tinernuhan ng three-fourths navy blue blouse nang bumungad ito sa opisina niya. Dahil mataas ito kaysa pangkaraniwang Pilipina, bumagay rito ang ayos na kahit simple ay ismarte itong tingnan.

Napatitig si Ryan dito at napatulala dahil sa tingin niya ay gumaganda si Sofia sa pagdaan ng mga araw. At kung hindi niya mapipigilan ang sarili, malamang ay makasuhan siya ng

sexual harassment dahil natutukso siyang halikan ito lalo pa't nagba-blush ito sa mga titig niya. Hindi niya namamalayan ay napatunganga na siya sa babae.

“Pasensya na, may iniisip lamang ako,” hinging-paumanhin niya para maging komportable ang kaharap. Lihim niyang pinagsabihan ang sarili na pigilan ang nararamdaman. Sinimulan na niyang kausapin ang dalaga hinggil sa kanyang plano. Hindi naman niya ito pinipili dahil may pagtingin siya dito o gusto niyang mapalapit dito, kundi dahil alam niya at may tiwala siya sa kakayahan ni Sofia, batay na rin sa mga resulta ng trabaho nito.

“Alam mo naman na may problema pa sa estimates para sa *Ledesma Realty*, di ba? Hindi kasi naayos ni Russel dahil sa nangyari kay Anne at hindi rin siya makakapasok, kaya pansamantalang wala tayong estimator hanggang sa pagbabalik ni Russel,” panimula ni Ryan sa kanyang sekretarya na naghihintay ng susunod niyang sasabihin.

“So, as I was saying, kung puwedeng ikaw na muna ang pumalit sa kanya. Ikaw na muna ang humawak ng project estimates. Regarding naman sa site inspection, pasabihan mo ang company driver para hindi ka mahirapang mag-commute,” paliwanag pa niya sa natitigilang dalaga.

“Pero, Ryan, alam mo namang fourth year lang ako at hindi nakatapos sa pag-aaral ko.” Naguguluhan pa rin si Sofia bagamat natutuwa sa tiwalang ibinibigay ni Ryan rito.

“Sofia, walang problema doon. Si Russel pa rin naman ang pipirma ng lahat ng dokumento, pero ikaw na lang ang gagawa ng estimates. Masyadong confidential ang trabaho ni Russel dito sa *R&R*, at hindi ako mapapalagay kung magha-hire pa tayo ng estimator. Mas may tiwala ako sa iyo, kaya mag-hire na lang tayo ng secretary na papalit sa iyo. At don’t worry, tutulungan kita. Pansamantala, ililipat natin ang computer ni Russel dito sa office ko para matulungan kita pag may rush tayong gagawin,” patuloy ng binata.

“Puwede bang pag-isipan ko muna?” pakiusap ni Sofia. Hindi ito makapag-isip nang mabuti dahil sa pagkabigla at sa pagiging malapit ng binata dito.

“Bibigyan kita ng sixty seconds to think about it. We don’t need much time! We have a deadline and I need Ledesma account tomorrow morning,” paalala ni Ryan sa dalaga.

Sana ay pumayag si Sofia, dahil talagang mapapahiya siya kapag hindi sila nakapag-prepare. Masisira ang reputasyon ng kompanya na pinagsikapan niyang itatag. Maimpluwensya at mayaman ang may-ari ng *Ledesma Realty* at tiyak masama ang magiging outcome niyon kapag nabulilyaso ang plano.

Naisip ni Sofia na chance na niya ito para kahit paano ay maabot niya ang pangarap na naudlot nang mamatay ang kanyang ama. Tinitigan niya si Ryan at nabanaag niya sa mga

mata nito ang tiwala at sinseridad sa offer na iyon.

“Papayag kaya si Russel?” tanong pa niya sa boss.

Napangiti na ito. “So, payag ka na?” Tumango siya. “Huwag kang mag-alala sa kaibigan mong iyon at matutuwa pa siya sa bagong set-up natin.”

At nagsimula silang ayusin ang magiging opisina ng dalaga. Sa pagdaan ng mga araw ay naging malapit sina Ryan at Sofia sa isa’t isa. Naging tampulan sila ng tukso at tsismisan sa loob ng *R&R Construction* bagamat wala ni isa ang naglakas ng loob na sabihin sa kanila.

Paano, perfect combination daw sila; isang guwapo at isang maganda. Guwapo si Ryan, may pagka-mestizo na namana sa ama nito na may lahing Español samantalang Chinese mestiza naman ang ina nito na sa Canada na naninirahan pagkatapos mag-migrate doon kasama ang anak na babae, si Divina Grace. Panganay si Ryan sa tatlong magkakapatid at ito na lang ang walang sariling pamilya.

Samantalang si Sofia ay magandang probinsyana, matalino at sabi nga ng mga kasama nila sa trabaho ay magandang lahi ang mabubuo nila kapag nagkatuluyan sila, dahil parehong eligible at single naman silang dalawa.

Sa umpisa ay itinuro ni Ryan ang bawat detalye sa paggawa ng estimates. Although may know-how na si Sofia sa paggawa niyon dahil Engineering din ang kursong kinuha niya ay kailangan

pa rin niya ang masusing paggabay. Dati-rati ay nahihiya siya sa binata dahil boss niya ito, pero sa kalaunan ay nasubukan niyang mabait na amo at pasensyoso pala ito.

Matiyaga siyang tinuruan nito hanggang sa makaya na niyang gawin ang estimates na kailangan. Pinapa-check na lang niya iyon dito para sa final approval nito. Dahil dito, napalagay ang loob ni Sofia at naging magkaibigan na sila ni Engr. Ryan Silverio.

Makaraan ang dalawang taon, nanatili pa ring estimator para sa mga projects ng *R&R Construction* si Sofia. Bibihira na lamang makikita roon si Russel bagamat bahagi pa rin ito ng kompanya.

Katatapos lang ng tanghalian at masaya pang nagkukuwentuhan sina Sofia at Ryan habang magkasabay sila pabalik sa opisina. Sabay na kasi lagi silang kumakain, ang binata ang nagbabayad ng meals at ang babae naman sa dessert. Ganito lagi ang set-up nila at maluluma ang teenagers sa sweetness ng dalawa, na naging dahilan ng pagpasok ng maraming projects sa *R&R Construction* dahil sa inspirasyong ipinakikita ng magandang samahan nila na hinihiling ng lahat na mauwi na sa kasalan ang relasyon.

“Ano ka ba? Pati iyon ginagawa ninyo!” sabi ni Sofia, sabay tapik sa braso ng binata at masakit na ang tiyan sa katatawa dahil

ikinukuwento ni Ryan ang mga college escapades nito.

“Oo, totoo iyon at ito pa, alam mo ba na—” Naputol ang sasabihin ni Ryan dahil sa pagsalubong ni Jon, ang pamangkin nito at anak nina Russel at Anne. “Kumusta ka na, Jon-Jon?” bati nito sa yakap na pamangkin na may hawak na robot at stuffed toy.

“Tito,” sagot ni Jon. Kaunti pa lang ang alam nitong salita. Two years old pa lamang ito.

Pagpasok nila sa opisina nila ay naabutan nila doon sina Russel at si Anne.

“Kumusta ka na?” bati ni Ryan sa kapatid. “Nami-miss mo ba ang *R&R* at napasugod ka?” usisa nito at kinindatan ang hipag.

“Okay naman kami,” sagot ni Russel. “Kayo nga ang malihim, eh,” biro nito, sabay sulyap nang makahulugan kay Sofia. Hindi maalis ang pilyong ngiti na nakapagkit sa mukha nito.

Hindi na pinansin ni Ryan ang kanyaw nito at umalis na rin kaagad. May a-attend-an itong bidding conference sa Quezon Province para sa isang resort doon.

“Kumusta ka na? Balita ko close na kayo ni Kuya, nagseselos tuloy ako. Pakiramdam ko inagawan niya ako ng best friend, ah,” biro ni Russel kay Sofia na naiwan sa opisina.

“Ikaw naman... siyempre, ikaw pa rin ang best friend ko. Makakalimutan ba kita? Eh, kung hindi mo ako kinaray-karay dito nang sabihin kong titigil na muna ako sa pag-aaral para

magtrabaho, baka kung saan na lang ako napadpad,” natatawang paliwanag niya sa kaibigan.

“Hmm?” patuloy na pang-aasar nito.

“Hay, naku! Hayaan mo na ’yang kaibigan mong magsintir, Sofia, at saluhan mo na lang kaming kumain nitong pasalubong namin sana sa inyo ni Kuya Ryan na California maki at sushi,” sabat ni Anne at nginitian ang dalaga.

Magkaibigan kasing matalik sina Russel at Sofia noong nag-aaral pa lamang sila sa kursong Engineering sa isang university. Si Russel din ang dahilan kung bakit nakapasok siya sa *R&R Construction*, nang walang resumé at proper interview, pero pinatunayan naman ni Sofia na karapat-dapat siyang maging sekretarya ng big boss hindi dahil malakas ang backer niya kundi magaling siya.

Mayamaya ay nag-ring ang cellphone ni Sofia at si Ryan ang tumatawag.

“Hello! Hindi na ako makakasaglit sa opisina, bahala ka na diyan at hindi na rin kita masusundo. Babawi na lang ako. Ingat ka, ha? Inabot kasi ako ng bagyo dito, kaya hindi ako makakabalik agad.”

Sandali lamang nag-usap ang dalawa. Bagamat nalulungkot dahil hindi niya makakasabay sa pag-uwi si Ryan ay pinilit pa rin niyang maging masaya para kina Russel, Anne at Jon-Jon dahil sa pagbisita ng mga ito. Lingid kay Sofia ay pinagmamasdan siya

ni Russel.

Kumusta na kaya si Ryan? Sana'y hindi siya mapahamak sa Quezon, naisip ni Sofia. Gustong-gusto na niyang tawagan ito, ngunit inabot siya ng hiya sa binata. Hindi naman niya ito nobyo para mag-alala nang sobra at wala siyang karapatan dito. Bagamat marami ang nakakapansin na tila iba ang pakikitungo sa kanya ng big boss nila, ayaw pa ring mag-assume ni Sofia at baka masaktan lang siya.

“Hoy! Sofia!” untag ni Russel sa dalagang natitigilan.

“May sinasabi ka ba? Sorry, may iniisip lamang ako,” hinging-paumanhin niya sa kaibigan.

Mayamaya pa’y umalis na si Russel at ang pamilya nito. Binigyan pa niya ng chocolates si Jon-Jon na humalik at yumakap sa kanya.

Naiwan naman ang nag-aalalang dalaga. Hindi man niya maamin ay apektado siya sa kalagayan ni Ryan. At matagal na siyang may nararamdamang kakaiba dito.

Attracted siya sa binata kahit sabihin pa ng marami na sobrang taas naman ng pangarap niyang masungkit ang big boss nila kapag nalaman iyon. Hindi nga lang niya mailantad ang nararamdaman dahil sa hiya at baka ma-turn off ito sa kanya.

Pero kapag nagsosolo sila ay hindi niya maiwasang titigan ang binatang angangat ang kakisigan sa lahat ng lalaking nakilala

niya. Marami rin naman siyang nakilala, ngunit kahit isa ay walang nangahas na ligawan siya dahil siguro simple lang ang ganda niya. Biro pa nga ni Russel noon na siguro dapat ay naging lalaki siya dahil na rin hindi siya sanay magsuot ng bestida at mas komportable siya sa jeans at t-shirt noong nag-aaral pa sila nito sa *UST*.

Nang tumawag kanina si Ryan kay Sofia upang ipagbigay-alam na hindi ito makakabalik sa opisina, pinanood Russel ang kaibigan habang kausap ng babae ang kuya niya. Ramdam niyang mas malalim pa sa pagiging magkaibigan ang relasyon ngayon ng dalawa.

Habang pauwi sa kanilang tahanan sa *Dasmariñas Village*, nagbalik ang alaala ni Russel sa naging usapan nila ng kapatid na si Ryan habang nasa mini-bar sila ng mansyon, pitong taon na ang nakararaan.

Nag-iinom siya dahil nagselos si Anne kay Sofia, at hindi niya alam kung paano ipaliliwanag ang sitwasyon sa nobya, na best friend lang niya si Sofia. Nahihiya rin siya kay Sofia para sa inaakto ni Anne. Lumapit ang kuya niya at nag-usisa.

“May problema ba kayo ni Sofia at nagkakaganyan ka?”
panimula ni Ryan na kumuha na rin ng baso para samahan siya sa kanyang pagsisintir.

“Bakit ko naman poproblemahin si Sofia, eh, hindi ko naman

siya kaano-ano? Inihatid ko lang siya sa apartment na tinutuluyan niya,” pagaril na sagot ni Russel sa kapatid. “Si Anne ang problema ko, pinagselosan niya si Sofia at ayaw niyang pakinggan ang paliwanag ko.” Sumigok na siya dahil sa kalasingan. “Malay ko ba namang sosorpresahin niya ako at makikita na kaakbay ko pa si Sofia,” patuloy pa ring himutok niya.

“Hindi mo girlfriend si Sofia?” gulat na bulalas nito. Hindi ito makapaniwala sa narinig dahil na rin sa sobrang sweetness na nakikita sa kapatid at kay Sofia, na lagi nang bisita ng mga Silverio mula noong second year college pa si Russel sa UST. At si Anne naman ay Nursing student sa FEU.

“Hindi ko girlfriend o naging girlfriend si Sofia, best friend ko siya, buddy-buddy kami. Mahirap bang paniwalaan ’yon? Hik! Bakit ba ayaw n’yong maniwala! Hik! Nakakainis! Sino ba siya para pag-aksayahan ko ng panahon? Hik! Kahit sampu kaya kong magka-girlfriend! Hik!” pagmamaktol niya tungkol sa tampuhan nila ng nobyang si Anne. Hindi namalayan ni Russel na nakatulog na rin siya sa sobrang kalasingan.

Nang sumunod na araw ay nagkabati na uli sila ni Anne, sa tulong na rin ni Sofia na maliwanagan ito. Bagamat biglang nawala sa school ang kaibigan nang sumunod na semester pagkat hindi ito nakapag-enroll. Nalaman niya ang dahilan ng pagtigil nito sa pag-aaral; namatay ang ama nito at kailangan na munang magtrabaho ng dalaga para makatulong sa ina at dalawa nitong kapatid na parehong nasa high school sa Batangas.

Kaya nang sumunod na araw ay kinausap niya ang kapatid at tinanong kung may bakante pang posisyon sa *R&R Construction* na pag-aari na nito. Hindi naman nagdalawang-isip si Ryan na noon ay gulong-gulo sa pag-aayos ng appointments nito dahil sa kawalan ng sekretarya.

Kinatagpo niya si Sofia na noon ay maong pants at t-shirt ang suot na tinernuhan ng sneakers at kinaray-karay ito sa opisina ng kapatid. Kapagdaka ay natanggap naman ang kaibigan niya at nakapagsimula na rin kaagad. Alam niyang hindi ito kayang tanggihan ni Ryan.

Hindi talaga niya malilimutan ang eksenang iyon sa kanilang buhay. Napapangiti at napapailing pa rin si Russel sa pagkaalaala sa kabataan nila ni Sofia.

Ramdam naman niya na noon pa attracted ang kapatid kay Sofia. Hindi lang nagsasalita ang kuya niya dahil na rin sa akala nito na girlfriend niya ang dalaga. Mukhang mutual na ang damdamin ng dalawa, kailangan lang na magising ang mga ito. At uumpisahan na niyang gisingin ang dalawa.

May naiisip na rin siyang plano para sa mga ito. Ang problema lang niya ay kung kailan niya sisimulan ang plano, dahil lagi ring kasama ni Sofia ang kanyang kapatid.